Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG MARSO, 2002 ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG PUNONG BAYAN |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 110-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 65-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION III NA NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT SA SMART COMMUNICATIONS INC. NA MAKAPAGTAYO NG TOWER NITO SA LUPANG PAG-AARI NI GNG. SARAH S. VILLANUEVA SA BARANGAY POBLACION III NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKAT* binigyang-kapahintulutan ng mga Kasapi ng Sang. Barangay Poblacion III ang SMART Communications Inc. na makapagtayo ng tower nito sa nasasakupan ng kanilang barangay sa layuning makatulong ito sa mabilisang paghahatid ng komunikasyon:

*SAPAGKAT,* may mga isinumiteng papeles ang naturang korporasyon upang makatugon sa pangangailangan para sa pagtatayo ng tower sa bayang ito

*SAPAGKAT,* may patunay ang Tanggapan ng Zoning sa bayang ito na ang panukalang lugar na pagtatayuan ng naturang tower ay isang lupang-komersyal na umaayon sa zoning at land use plan ng bayan ding ito base sa Kapasiyahan Blg. 226-T'2000 at Kapasiyahan Blg. 227/ Kautusang Bayan Blg. 16-T'2000 ng Sang. Bayan at Kapasiyahan Blg. 686-T'2000 ng Sang. Panlalawigan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Roselon F. Pamatmat at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 65-T'2001 ng Sangguniang Barangay Poblacion III na nagbibigay ng pahintulot sa SMART Communications Inc. na makapgtayo ng tower nito sa lupang pag-aari ni Gng. Sarah S. Villanueva sa Brgy. Pob. III ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang SMART Communication Inc., 9th Floor SSS Bldg. Ayala Avenue, Corner Herrera St. Makati City, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Zoning Officer, Pambayang Inhinyero at Pambayang Ingat-Yaman, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan